**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

# PROJECT PRESENTATION THROUGH **FOCUS GROUP DISCUSSION (FGD)** TO THE STAKEHOLDERS REGARDING BONGABONG RIVER DREDGING PROJECT

BARANGAYS POBLACION, ANILAO AND SAGANA,
MUNICIPALITY OF BONGABONG
ORIENTAL MINDORO



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

**ISSUES / CONCERNS TO BE INCLUDED IN THE SCOPE OF THE EIA STUDY**

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| 1. Project Description | Ano ba yang dredging na narinig namin sa Barangay na proyekto daw eto ng Probinsya ng Oriental Mindoro? | **MERCY LAYAG** – BHW Barangay Poblacion | Ang dredging po ay pagtanggal ng barang buhangin, bato at ibang mga haring o bara sa bunganga o wawa ng ilog na siyang nagdudulot ng mga pagbaha sa tuwing sasapit ang tag-ulan lalo kung merong bagyo. Kasabay neto ang pagsasaayos ng ilog upang maiwasan na ang mga pagbaha na nakakapinsala.<br><br>Meron po inilabas na programa ng ating gobyerno na DENR Administrative Order 2019-14 para isaayos ang lahat ng ilog sa Oriental Mindoro sa pamamagitan ng "Dredging" na may 5 sangay ng gobyerno na kinabibilangan ng PGOM, DPWH, DENR, EMB at MGB na tinatawag na Inter-Agency Committee (IAC) at ang butihing Gob. Dolor ang Chairman na magtutulungan upang maisakatuparan ang pagsasaayos ng iyong mga ilog at kabilang po ang Sumagui River dito kaya suportahan po natin at para din po eto sa kapakanan ng mga nakatira malapit sa ilog at mga taniman na maaring magdudulot ng malalim at nakakapinsalang pagbaha. |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | Gaano katagal ang magiging operation ng dredging sa Bongabong River? | **ISIDRO SOL –** Anilao Barangay Chairman | Base po sa computation namin kung walang magiging aberya o problema magtatagal lamang eto ng 2 hanggang 3 taon. Pero ang dredging project po kasi ay tuloy-tuloy na pagsasaayos ng Bongabong River upang hindi muling magbara at bumabaw ang ilog. |
| | Gaano katagal ang magiging operation ng dredging sa Bongabong River? | **ELEGIO MALALUAN –** Bongabong Municipal Mayor | Base po sa computation namin kung walang magiging aberya o problema magtatagal lamang eto ng 2 hanggang 3 taon. Pero ang dredging project po kasi ay tuloy-tuloy na pagsasaayos ng Bongabong River upang hindi muling magbara at bumabaw ang ilog. |
| | Aabot yan sa tulay ng Orcunuma? | **ELEGIO MALALUAN –** Bongabong Municipal Mayor | Hindi na po mayor, eto po yung proposed DPWH Dredging Master Plan almost 1-kilometer po sa Orcunuma Bridge na buffer zone din po talaga yun kapag merong mga ganyan tulay. |
| | Paano yung mga merong Quarry sa ilog? Anong mangyayari sa kanila? | **ELEGIO MALALUAN –** Bongabong Municipal Mayor | Nakausap na po namin yung mga merong existing Quarry Permit na kapag nag-expire nae to ay hindi na i-renew ng Probinsya dahil sa DENR Administrative Order No. 2019-14 at JMC No. 2019-10 na pinagbabawal na ang quarry sa loob ng Dredging Zone.<br><br>Yung mga wala naman sa loob ng River Dredging Zone ay hindi apektado. |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | Paano yung mga merong Quarry sa ilog?<br><br>Anong mangyayari sa amin, alam mo naman ang gastos diyan bago ko nakuha ang permit? | **TEODORO RAMIREZ –** Former SB Member Bongabong & Quarry Permit Holder | Hihingi po kami ng payo o abiso mula sa tanggapan ng PG ENRO at PGOM kung ano ang kanilang final decision sa usapin na iyan kasi sila ho ang nagbigay sa inyo ng permit at sila lang di ho ang pwedeng magcancel o hindi na kayo i-renew pa kapag malapit na sa inyong area ang dredging.<br><br>Pero ayon po kasi sa DENR Administrative Order No. 2019-14 at JMC No. 2019-10 na pinagbabawal na ang quarry sa loob ng Dredging Zone.<br><br>Yung mga wala naman sa loob ng River Dredging Zone ay hindi apektado. |
| | Ano ang gagawin sa mga nakuhang buhangin at saan ito dadalhin? | **MERLIE DE CASTRO** – Poblacion Barangay Chairman | Eto po ay gagamitin ng SMC Shipping and Lighterage Corp. sa kanilang mga proyekto tulad ng Pasig River Expressway (PAREX), Aerocity sa Bulacan at iba pang mga proyekto ng gobyerno tulad ng reclamation, tulay, pier at mga kalsada. Reclamation sa Pasay, Navotas at Cavite ang ilan sa mga posibleng pagdalhan kapalit ng serbisyo ng pagsasa-ayos ng ilog dahil alam naman natin na malaki ang gastos upang isaayos ang isang ilog kaya eto ay ipinasa ng ating gobyerno sa mga pribadong kumpanya. |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| 2. Land | Gaano kalalim at ang lawak ng huhukayin ninyo? | **MERLIE DE CASTRO** – Poblacion Barangay Chairman | Ang lalim po ng dredging ay 2-3 meters dahil ang aming Cutter-Suction Dredger ay merong mga control para eksakto ang sukat ng lalim na huhukayin at ang lawak naman ay naglalaro sa 55 meters (Bottom Width and Slope 1V:1H) ayon sa Dredging Master Plan na itinakda ng DPWH kung saan masusing pinag-aralan at dinisenyo ng mga engineer at experts na naaayon para sa Bongabong River. |
| | Di ho ba posibleng gumuho ang lupa sa gilid ng ilog kapag hinukay po ninyo ang ilog? Lalagyan nyo ho ba eto ng gabions? | **CRISANTO NELDA** – Barangay Kagawad ng Anilao | Nandyan po ang DPWH MIMAROPA kapag nagsimula po ang dredging activities ng SMC Shipping and Lighterage Corp. at naka-antabay ang sa kanilang dredging operation at kung kinakailangan na lagyan ng mga gabion wall o slope protection ang riverbanks para hindi gumuho, eto po ay susundin at lalagyan ng naa-ayon sa plano at desenyo ng DPWH. |
| | Ano ho ang mangyayari kung aksidenteng tamaan o kasama sa dredging area ang aming bukid? | **JONER DELA CRUZ –** Mangingisda at Magsasaka | Kung sakaling meron di inaasahan ganyang mga pangyayari, ang alam po naming merong kondisyon sa ECC na Environmental Guarantee Fund (EGF) na pwedeng kunan ng budget para sa mga ganyang aksidente para mabayaran at meron din naman MMT na siyang magmonitor ng mga gawain ng Dredging Contractor na merong buwanan |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | meeting para talakayan ang mga nakikitang problema. |
| 3. Water | Ano po yung Navigational Zone bukod pa ba yan sa dredging? | **ALADIN B. BINUYA** – SAMA President Fisherfolk (Brgy. Anilao) | Nandun po kasi sa labas ng ilog o tinatawag na navigational zone ang mga naipon na mga buhangin at iba pang mga sediment na siyang sanhi ng baha o pagkalat ng tubig dahil hindi na makalabas ng mabilis at maayos ang dalang tubig ng ilog papuntang dagat o Tablas Strait. Uunahing lang pong tanggalin ang mga bara sa bunganga para deretso ang daloy ng tubig ng ilog at saka huhukayin ang Bongabong River sa tamang lalim at lawak neto. |
| | Paano na po yung aming daanan ng mga bangka papuntang laot baka kami ay pagbawalan na kapag nag-operate na ang dredging project nyo o di kaya kami ay mabangga lalo na kung gabi at madaling araw dahil madilim pa; | **ALVIN RUBION** – Mangingisda (Brgy. Poblacion) | Maglalagay ng mga markers o buoy na merong mga ilaw kung hanggang saan lamang ang itinakda na coordinates sa ECC at makikipag-ugnayan ng SMC Shipping & Lighterage Corp. sa Municipal Agriculture Office (MAO), Philippine Coast Guard (PCG), MARINA sa inyong mga mangingisda para alam nating lahat kung saan ang pwede at bawal na daanan ng ating mga bangka upang hindi magkaroon ng di inaasahang aksidente.<br><br>Bago mag-umpisa ang kanilang operation kayong mga mangingisda ay pupulunging |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
| --- | --- | --- | --- |
| | | | kasama ang kinatawan ng MAO at SMC-SLC upang ipaliwanag ang mga bagay-bagay tungkol sa inyong agam-agam;<br><br>Bibigyan o tuturuan yung mga apektadong mangingisda ng mga panibagong hanapbuhay sa pakikipag-ugnayan sa TESDA, DSWD at LGU habang inaayos natin ang Bongabong River. |
| | Meron po bang fish sanctuary dyan? Gaano kaya kalayo sa dredging nyo? | **ISIDRO SOL –** Anilao Barangay Chairman | Hindi pa po namin alam kung merong Fish sanctuary na malapit sa gagawing dredging project ng Bongabong River.<br><br>Isasama po namin yan sa gagawing study tulad ng Marine Ecology Baseline Assessment para matukoy kung meron at kung gaano kalayo eto? |
| | Kapag hinukay ba ang ilog di ba po eto ay lalabo at makaka-apekto sa aming mga mahuhuling isda at iba pang lamang dagat? | **DOMINGO MAQUINTO –** Mangingisda (Brgy. Poblacion) | Ang paghuhukay ng dredging vessel ay talagang magdudulot ng paglabo ng ilog at dagat pero kami po ay maglalagay ng "Silt Curtain" o kulambo sa paligid ng dredging area para hindi eto kumalat at makapaminsala ng mga isda at iba pang lamang dagat.<br><br>Sa pagkaka-alam ko meron pong kondisyon sa ilalabas na ECC na magkakaroon ng |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | quarterly monitoring at magtest ng "water quality" ng ilog at dagat upang masiguro natin na hindi eto makaka-apekto sa mga isda at iba pang lamang dagat sa Tablas Strait pati na rin sa Bongabong River. |
| 4. Air | **No question regarding AIR was asked during the FGD** | | |
| 5. People | Magkakaroon po ba ng trabaho ang mga tao dito sa amin sa dredging project ninyo? | **BOYET BAYETA** – Sagana Barangay Secretary | Ayon po sa Local Government Code dapat 80% ng manggagawa ay dapat magmula o galing sa host community pero dapat sapat o akma ang kanilang kakayahan sa hinahanap ng kumpanya tulad ng Engineers, other technical person, Nurses, Heavy Equipment Drivers, Truck helpers / pahenante, Laborers para sa pagawa ng gabion walls, Time Keeper at iba pa. Maari po silang magbigay ng kanilang bio-data sa Barangay.<br><br>Meron po tayong tinatawag na Social Development Plan (SDP) na siya namang magbibigay ng assistance o tulong sa mga mamayan ng Barangay Sumagui tulad ng maliliit na negosyo (babuyan, manukan, sari-sari store, karinderia at iba pa) pwede rin po magkaroon ng scholarship para sa mga batang kelangan ng tulong sa pag-aaral, tulong sa mga programa ng Barangay. |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | Mabibigyan po kaya kami ng trabaho diyan sa dredging? | **JELBERT QUOJIAL** – Walang trabaho | Ayon po sa Local Government Code dapat 80% ng manggagawa ay dapat magmula o galing sa host community pero dapat sapat o akma ang kanilang kakayahan sa hinahanap ng kumpanya.<br><br>Maari po kayong magbigay ng bio-data sa Barangay o sa mga kinatawan ng SMC-SLC kapag nagkaroon na sila ng site office. |
| 6. Others | Kapag naman iyan ay pinatupad ng gobyerno wala na tayong magagawa kundi suportahan at tulungan na lang ang inyong proyekto. | **BOYET BAYETA** – Sagana Barangay Secretary | Ang pag-dredge ng Bongabong River ay programa ng ating gobyerno sa pagtutulungan ng PGOM, DPWH, DENR, EMB at MGB o tinatawag na Inter-Agency Committee (IAC) kaya suportahan po natin para na rin po eto sa ating kapakanan lalo na yung mga nakatira dito sa malapit sa ilog upang hindi nila maranasan ang malalim at nakakapinsalang pagbaha.<br><br>Salamat po sa inyong suporta sa proyektong eto. |
| | Meron pong mga tinanim na mga halaman sa tabi ng riverbanks ang taga-San Miguel na project ng ating Gov. Dolor, ang report sa amin marami ang mga namatay na kaya dapat merong | **MAXIMINO JUMIG, JR.** – PG ENRO | Ipapa-abot po namin sa opisina ang tungkol sa inyong concern na tagapag-alaga / caretaker ng mga halaman. |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | Caretaker para siguradong buhay lahat eto. | | Titignan din po namin sa mismong riverbanks upang ma-check ang kondisyon ng mga halaman doon. |



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

# COPY OF MATERIALS PRESENTED



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour
Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637



Figure 1_ Satellite Image showing the geographical coordinates of the project area **(River – blue and Marine – yellow polygon, respectively)**.




Photo No. 1_Panoramic view of the river delta or the mouth of BONGABONG RIVER using DJI Mavic 2 Zoom Drone. Note that the mouth or the river delta was stalled by silt materials or sediments that prevents the flow of the water including the river run materials to the receiving Tablas Strait causing it to distribute its load to other low-lying area as seen in the photo.



Photo No. 2_Panoramic view of the BONGABONG RIVER using DJI Mavic 2 Zoom Drone showing its distributary stalled by silt materials or sediments.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour
Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637



Photo No. 3_Another view or angle of the distributary of BONGABONG RIVER.



Figure 2_Cutter Suction Dredger – Damen CSD 250, showing 2 spuds to position the dredger steadily.



Figure 3_Cutter Suction Dredger and barge.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour
Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637



Figure 4_Sample of Silt Curtain installation to contain disturbed water from polluting other parts of Tablas Strait that can damage or destroy marine habitat.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637





Figure 5_Gabion Wall to protect river banks from erosion and flooding hazard to the community and their crops.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour
Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

# PHOTO DOCUMENTATION



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour
Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637




Meeting with the Provincial Legal Officer Atty. Earl Ligorio R. Turano of the Province of Oriental Mindoro regarding the proposed dredging project of SMC Shipping and Lighterage Corporation at Bongabong River.




Meeting with the PG ENRO Sir Maximino Jumig, Jr. of the Province of Oriental Mindoro regarding the proposed dredging project of SMC Shipping and Lighterage Corporation at Bongabong River.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637




Meeting with the Municipal Mayor of Bongabong, Dr. Elegio A. Malaluan regarding the proposed dredging project of SMC Shipping and Lighterage Corporation at Bongabong River.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637




Meeting with Kap. Isidro S. Sol of Barangay Anilao regarding the proposed dredging project of SMC Shipping and Lighterage Corporation at Bongabong River.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637




Meeting with the Barangay Health Workers of Barangay Anilao participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Bongabong River.




Stakeholders of Brgy. Anilao mostly are farmers and fishermen participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Bongabong River. They are all aware of the dredging project and given their insight as well as opinion without hesitation.




Stakeholders from Barangay Poblacion mostly fishermen participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Bongabong River. Joel Moral (in green shirt) and Domingo Maquinto guide me to the mouth of the river where the access was near shore of Tablas Strait using his motorized banca.




Stakeholders from Barangay Poblacion mostly housewives participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Bongabong River.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637





Meeting with the Barangay Secretary Mr. Boyet Bayeta of Barangay Sagana and participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Bongabong River.



**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour
Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637

# Proposed Design for Public Participation






**SMC Shipping and Lighterage Corporation**
Lot 4-6 Block 9, Fernando St. corner Francisco Seiro St., Manila Harbour Centre, Tondo, Manila 1012
(02) 8550-3637